

Patakarang:

## Mga Vulnerable na mga Biktima at Saksi

Policy Code:

**VUL 1**

Petsa ng Pagkabisa:

Enero 15, 2021

Cross-references:

[ALT 1](#)   [BAI 1](#)   [CHA 1](#)  
[CHI 1](#)   [DIR 1](#)   [HAT 1](#)  
[IPV 1](#)

Ang lahat ng mga biktima at mga saksi, anuman ang kanilang vulnerabilities, ay dapat may patas na oportunidad na lumahok sa criminal justice process. Kinikilala ng BC Prosecution Service na ang mga malubhang kaso ng mga vulnerable na biktima at saksi ay may mga natatangi at komplikadong isyu at dapat na matukoy ang mga ganoong kaso sa pinakamaagang yugto ng prosekusyon upang angkop na matugunan ang mga isyu.

Para sa mga layunin ng patakarang ito, kabilang sa mga “seryosong kaso” ang “malubhang personal na pinsalang” pagkakasala tulad ng itinakda sa seksyon 752 ng *Criminal Code*, at ang mga may kinalaman sa malaking panganib na mapinsala, sila man ay pinsalang pangkatawan, sekswal, sikolohikal, o pagsasamantala.

Sa patakarang ito, ang mga indibidwal ay itinuturing na mga vulnerable na biktima at saksi kapag mayroong makatwirang posibilidad na ang epektibong paglahok ng indibidwal sa justice system ay malamang na paliliitin, o aalisin kung walang mga available na accommodations o suporta upang tugunan ang kanilang mga natatanging personal na katangian o mga kondisyon, kabilang ang:

- katandaan
- patuloy na epekto ng kasaysayan ng kolonyalismo, displacement, at residential schools sa Canada, kabilang ang intergenerational trauma at iba pang mga may kinalamang sistemikong factors
- mga etniko, relihiyoso, o kulturang identidad
- fetal alcohol spectrum disorder o iba pang masasamang cognitive conditions
- problema sa pangkaisipang kalusugan, o disability (kapansanan)

- problema sa pisikal na kalusugan o disability
- ang posisyon ng kapangyarihan ng akusado sa isang biktima o saksi
- walang tiyak na legal status (hal., status sa imigrasyon o mga outstanding court order)
- sekswal na oryentasyon, gender identity, o gender expressions
- (mga) malalaking hadlang sa komunikasyon
- kasaysayan ng maraming abuso
- malalaking problema sa kaligtasan
- pagkakahiwalay sa lipunan, karalitaan, o homelessness
- pag-abuso ng droga o alak
- karahasan, exploitation, at prejudice na maaaring harapin ng mga táong nagbibigay ng mga sekswal na serbisyo

Para sa mga bagay na may kinalaman sa mga bata o vulnerable na kabataan bilang mga biktima o mga saksi, dapat ding mag-refer ang Crown Counsel sa *Child Victims and Witnesses* ([CHI 1](#)).

Para sa mga bagay na may kinalaman sa karahasan ng asawa o kapareha, dapat ding magrefer ang Crown Counsel sa *Intimate Partner Violence* ([IPV 1](#)).

## Ang Proseso

Sa mga malubhang kaso, upang matulungan ang mga vulnerable na biktima at mga saksi na epektibong makalahok sa proseso ng criminal justice, ang Crown Counsel ay dapat:

- gumawa ng mga makatwirang pagsisikap upang maitatag at mamintina ang komunikasyon sa mga vulnerable na biktima at saksi mula sa pinakamaagang yugto ng prosekusyon at hanggang sa pagtatapos nito, at upang bigyan sila ng napapanahong impormasyon tungkol sa status ng prosekusyon.
- kung ito’y magagawa, magtrabaho kasama ng pulisya, sheriff, probation officers, o mga victim services sa buong proseso ng prosekusyon upang ipaalam sa mga vulnerable na biktima at saksi ang anumang mga suportang available sa criminal justice system

- kapag available, makipagtulungan sa kultural o mga Indigenous na organisasyon, kabilang ang mga organisasyon na binanggit ng biktima o saksi na nagsusuporta sa mga vulnerable na biktima
- tiyakin na ang anumang angkop na mga aplikasyon ay hihilingin sa korte para sa publication bans (pagbabawal sa paglalathala), accommodations sa testimonya, o mga protective order
- kung naaangkop, gawin ang lahat ng mga makatwirang hakbang upang mapabilis ang proseso, kabilang ang maagang pagsisimula ng mga pag-uusap sa resolusyon o paghiling ng isang maagang petsa ng paglilitis

Dapat tiyakin ng Administrative Crown Counsel na may mga nakahandang pamamaraan upang:

- tukuyin at italaga nang maaga ang mga naturang kaso
- tuwing maaari, magtalaga ng Crown Counsel na mayroong kaugnay na specialized training
- at na available at handang magmintina ng file, gamit ang parehong miyembro ng administrative staff mula simula hanggang katapusan
- bigyan ang nakatalagang Crown Counsel ng sapat na oras ng paghahanda para sa karagdagang komplikasyon ng files na ito

### Maagang mga Pagsasaalang-alang

Sa unang oportunidad ay dapat isaalang-alang ng Crown Counsel na mag-apply para sa isang order sa ilalim ng seksyon 486.4 o 486.5 ng *Criminal Code* na mag-uutos na hindi ihayag sa anumang dokumento o i-broadcast sa anumang paraan ang identidad ng isang biktima o isang saksi at anumang impormasyon kung saan maaaring makilala ang biktima o saksi.

Sa mga bihirang kaso, kapag naaangkop, maaari ring naisin ng Crown Counsel na isaalang-alang ang pag-apply para sa isang order sa ilalim ng seksyon 486.31 ng *Criminal Code*, na mag-uutos na ang anumang impormasyon kung saan maaaring makilala ang isang saksi ay hindi dapat ilantad habang isinasagawa ang paglilitis o isang order sa ilalim ng seksyon 486.7 ng *Criminal Code*, upang protektahan ang seguridad ng isang saksi. Bago gumawa ng ganitong aplikasyon, dapat kumonsulta ang Crown Counsel sa Regional Crown Counsel, Director, o sa kani-kanilang deputy.

Kapag maaaring nahihirapang makipagkomunika ang isang vulnerable na biktima o saksi

tungkol sa ebidensya dahil sa isang kapansanan sa isip o katawan, dapat magtangkang tiyakin ng Crown Counsel sa mga unang yugto ng paglilitis kung angkop ang presentation of evidence gamit ang videotape, ayon sa seksyon 715.2 ng *Criminal Code* at, kung kinakailangan, hilingin sa pulisya na kumuha ng isang naka-video na pahayag. Sa ilalim ng seksyong ito, ang isang recorded videotaped statement ng isang vulnerable na biktima o saksi ay maaaring tanggaping ebidensya kapag tetestigo ang biktima o saksi at papagtibayin nila ang mga nilalaman ng video recording.

Kapag ang vulnerable na biktima ay bata o kabataan sa panahon ng pagkakasala, dapat pag-isipan ng Crown Counsel kung ang pagpapakita ng ebidensiya gamit ang video recording ay naaangkop, tulad ng nakalaan sa seksyon 715.1 ([CHI 1](#)).

Kung may mahaharap na procedural o investigative barrier na maaaring makaapekto nang masama sa prosekusyon, ang Crown Counsel ay dapat makipagtulungan sa pulisya at victim services, at kung kinakailangan, sa senior police management at Administrative Crown Counsel, upang harapin ang mga hadlang nang nasa oras. Maaaring kabilang dito ang mga hadlang batay sa:

- nag-aatubili o naiinis na vulnerable na biktima o saksi
- kahirapang hanapin o mintinahin ang komunikasyon sa isang vulnerable na biktima o saksi
- kawalang kakayahan ng biktima o ng saksi na makakuha ng transportasyon papunta sa korte o tanggapan ng Crown Counsel
- pangangailangan ng translation ng file materials
- delay sa pagkuha ng kinakailangang ebidensya

Kapag matitiyak ng Crown Counsel na ang isang vulnerable na biktima o saksi ay may mga isyu sa social support o sa kalusugan na maaaring may masamang epekto sa kanilang kakayahang lumahok sa proseso ng criminal justice, dapat hilingin ng Crown Counsel ang pulisya at victim services na tiyakin kung mayroong social supports o services na maaaring makatulong para harapin ang isyu.

Sa mga kaso kung saan may malaking panganib ng pinsala sa isang vulnerable na biktima o saksi, pangkaisipan man o pangkatawan, at may makatwirang paniniwala na sila'y maapektuhan kung kailanganin silang lumahok sa maraming mga paglilitis sa korte, dapat isaalang-alang ng Crown Counsel kung aaplay ang *Direct Indictment* ([DIR 1](#)) na patakaran.

## Pag-aseso ng Hablá o Charge Assessment

Dapat tandaan ng Crown Counsel na ang delay sa paggawa ng charge assessment decisions ay maaaring magdagdag sa emotional stress ng mga vulnerable na biktima o saksi at maaari nitong hinaan ang kanilang pagpapasya o abilidad na epektibong lumahok sa proseso ng criminal justice. Dapat gumawa ang Crown Counsel ng mga desisyon sa charge assessment sa lalong madaling panahon.

Kapag nag-aaseso ng Report sa Crown Counsel hinggil sa isang Indigenous na biktima, dapat tandaan ng Crown Counsel na sobrang daming mga Indigenous na kababaihan at mga batang babae ang mga biktima ng marahas na pagkakasala, at ito'y isang public interest factor na makabubuti sa prosekusyon.

Kapag tinitiyak kung ang isang referral sa mga alternatibong hakbang ay maaaring naaangkop, dapat isaalang-alang ng Crown Counsel ang kasalukuyang pangangailangan ng mga vulnerable na biktima o mga saksi na maging ligtas. Dapat siguraduhin ng Crown Counsel na ang mga vulnerable na biktima ay pinapayuhan na mayroon silang karapatang tumanggi na lumahok sa anumang mga plano para sa alternative measures, kabilang ang Indigenous healing circles. Ang anumang ganoong referral ng isang kaso na sakop ng patakarang ito ay dapat aprubahan muna ng Regional Crown Counsel, isang Director, o ng kanilang deputy (*Alternatives to Prosecutions – Adults* ([ALT 1](#))).

Kung nagpasiya ang Crown Counsel na hindi ihablá ang akusado, dapat nitong isaalang-alang kung angkop na humingi ng isang preventative recognizance (*Recognizances and Peace Bonds* (REC 1)).

## Piyansa (Bail)

Ang isang warrant ay dapat hilingin kapag kinakailangang protektahan ang isang vulnerable na biktima o saksi sa pamamagitan ng paghiling ng isang detention order o mga kondisyon sa paglaya, alinsunod sa *Bail – Adults* ([BAI 1](#)). Kapag ang isang akusado ay malamang na palalayain, dapat isaalang-alang ng Crown Counsel ang mga patakarang na makatutulong sa vulnerable na biktima o saksi sa pagpapalano ng kaligtasan. Mainam kung kokonsultahin ng Crown Counsel ang pulisya, victim services, corrections, probation personnel, o lokal na Indigenous o iba pang justice organizations at, kapag naaangkop, Indigenous o iba pang child welfare agencies, sa paggawa ng mga naturang patakarang. Kapag ang akusado ay nakakulong, dapat isaalang-alang ng Crown Counsel ang paghiling ng "no contact" order hinggil sa biktima, saksi, o iba pang taong nararapat alinsunod sa seksyon 515 (12) o 516 (2) ng *Criminal Code*.

## Mga Nag-aatubiling Witness

Dapat kilalanin ng Crown Counsel na ang vulnerable na mga biktima at saksi ay maaaring mag-atubiling lumahok sa proseso ng criminal justice. Maaari nilang paliitin o hangaring bawiin ang kanilang ebidensya. May iba't ibang dahilan na maaaring makaapekto sa kanilang pagpayag na mag-cooperate, kabilang ang mga nakaraang negatibong interaksyon sa justice system. Kailangang subukang matukoy ng Crown Counsel ang mga dahilan ukol sa kanilang pag-aatubiling mag-testify at kailangan itong magdibelop ng mga estratehiya upang tugunan ang mga isyu. Dapat tandaan ng Crown Counsel na ang mga vulnerable na biktima at saksi ay maaaring nakakaramdam ng pressure, pananakot, at panghihimasok. Kung ang isang saksi ay nakaranas ng mga pagbabanta o panghihimasok, kailangang isangguni ng Crown Counsel ang bagay na iyon sa pulisya para ito'y maimbestiga.

Alinsunod sa paliwanag sa itaas, dapat isaalang-alang ng Crown Counsel kung kinakailangan at angkop na personal na padalhan ang mga vulnerable na biktima o saksi ng subpoena upang sila'y tumestigo. Gayunpaman, bago mag-aplay para sa isang material witness warrant sa mga ganoong kaso, dapat konsultahin ng Crown Counsel ang kanyang Administrative Crown Counsel at pag-isipan na maaari niyang mapalayo pa ang biktima o saksi mula sa criminal justice system, o negatibong maapektohan ang kanilang dependents; dapat lalo nang magbigay ito ng partikular na atensyon sa mga kondisyon ng mga Indigenous na babae at mga batang babae.

Bukod pa rito, dapat ding isaalang-alang ng Crown Counsel kung ang charge assessment standard ([CHA 1](#)) ay matutugunan gamit ang ibang available na ebidensiya nang walang testimonya mula sa saksi.

## Paghahanda para sa Pagdinig

Kapag maaari, dapat ipagbigay-alam ng Crown Counsel sa saksi kung ano ang accommodations na maaaring available sa ilalim ng seksyon 486 hanggang 486.31 at 486.7 ng *Criminal Code*. Kapag naaangkop, dapat gumawa ang Crown Counsel ng aplikasyon para sa isang order, habang isinasaalang-alang ang lahat ng may kaugnayang mga dahilan, kabilang ang kung ang saksi ay humiling ng alinman sa mga accommodation.

Sa mga ispesipikong sirkumstansya, ang korte ay maaaring gumawa ng isang kautusan na:

- huwag isama ang publiko o huwag makita ng publiko ang saksi (seksyon 486 (1))

- magkaroon ng isang tao na magbibigay-suporta, o isang courtroom dog, kung mayroon nito (seksyon 486.1 at 486.7)
- magbigay ang saksi ng testimonya mula sa ibang kuwarto o sa likod ng isang screen o iba pang device (seksyon 486.2)
- mag-cross examine ang isang itinakdang counsel (kung ang akusado ay hindi represented) (seksyon 486.3)
- hindi ipahayag ang identidad ng isang saksi (seksyon 486.31)
- sa pagpapasya ng korte ay kinakailangan upang maprotektahan ang seguridad ng isang saksi at kung hindi man ay sa interes ng tamang pangangasiwa ng hustisya (seksyon 486.7)

Ayon sa Seksyon 13 at 19 ng *Canadian Victims Bill of Rights*, ang bawat biktima ay may karapatang humiling ng testimonial aids kapag humaharap bilang isang saksi sa mga paglilitis na may kaugnayan sa pagkakasala, gamit ang mga pamamaraan na itinakda ng batas.

### **Nagpapatunay na Ebidensiya**

Ang Crown Counsel ay dapat gumawa ng mga makatwirang pagsisikap upang matiyak na ang lahat ng kinakailangang nagpapatunay na ebidensiya (corroborative evidence) ay inihaharap sa paglilitis.

### **Pagsentensya**

Ang mga biktima ay dapat bigyan ng oportunidad na magbigay ng isang pahayag ukol sa epekto sa biktima (victim impact statement) at impormasyon alinsunod sa seksyon 4 ng *Victims of Crime Act*, at seksyon 15 at 19 ng *Canadian Victims Bill of Rights*.

Dapat isaisip ng Crown Counsel na sa mga kaso ng abuso sa isang táong vulnerable dahil sa personal na kalagayan, kabilang ang dahil ang tao ay Indigenous at babae, dapat bigyan ng korte ng pangunahing konsiderasyon ang mga layunin ng denunciation at deterrence ng conduct o kilos na siyang pinagbabatayan ng pagkakasala, alinsunod sa seksyon 718.04 ng *Criminal Code*.

Ang anumang nagpapalalâng mga dahilan, kabilang ang mga binanggit sa seksyon 718.2 ng *Criminal Code*, ay dapat ipaalam sa hukuman.

At kung may ebidensiya na ang pagkakasala ay motibado ng bias, prejudice, o poot sa biktima, tulad ng nakatakda sa seksyon 718.2(a)(i), dapat mag-refer ang Crown Counsel sa

*Hate Crimes* ([HAT 1](#)) at isaalang-alang nito ang lahat ng mga may kinalamang aggravating circumstances.

Kung ang probation o ang isang conditional sentence na utos ay naaangkop, ang Crown Counsel ay dapat maghanap ng mga kondisyon na magpoprotekta sa vulnerable na biktima o saksi. Maaaring kabilang sa mga ito ang "no contact" at mga pangangailangang mag-report, pati na ang matagumpay na pagkumpleto ng isang naaangkop na treatment program.

Kung naaangkop ang isang custodial sentence, dapat isaalang-alang ng Crown Counsel ang paghahanap ng isang non-communication order na magbabawal sa nagkasala na kausapin ang isang vulnerable na biktima o saksi sa panahon ng custodial period ng sentensya sa ilalim ng seksyon 743.21.

Dapat isaalang-alang ng Crown Counsel kung ang isang restitution order (pagbabayad-pinsala) ay naaangkop sa ilalim ng seksyon 738 o 739 ng *Criminal Code*, at dapat itong gumawa ng makatwirang mga hakbang upang mabigyan ang mga biktima ng oportunidad na ipahiwatig kung naghahangad sila ng bayad-pinsala para sa kanilang pagkalugi at mga pinsala.

## Mga Indigenous na Tao

Kinikilala ng maraming government commissions at reports, at ng mga hatol ng Supreme Court of Canada, na ang diskriminasyon na nararanasan ng mga Indigenous na tao (First Nations, Métis, and Inuit), maging dahil sa mga malinaw na racist na kilos o sa mga praktis na hindi naaangkop sa kultura, ay umaabot sa lahat ng mga bahagi ng sistema ng hustisya sa krimen.

Ang kasaysayan ng kolonyalismo, displacement, at residential schools sa Canada ay nauwi sa mga mas mababang natamong edukasyon, mga mas mababang kita, mas maraming unemployment, mas mataas na rate ng suicide at pag-abuso ng droga o alak, at mas maraming pagbibilanggo ng mga Indigenous na tao.<sup>1</sup>

Ang rate ng victimization ng mga Indigenous na tao, lalo na para sa mga Indigenous na kababaihan at mga batang babae, ay lubos na mas mataas kaysa sa para sa mga táong hindi Indigenous.<sup>2</sup>

Ang mga patuloy na konsekwensiya ng kolonyalismo para sa mga Indigenous na tao sa Canada ay dapat bigyan ng remedyo sa pamamagitan ng pagsaalang-alang sa natatanging

---

<sup>1</sup> *R v Ipeelee*, 2012 SCC 13

<sup>2</sup> *Victimization of Aboriginal People in Canada, 2014*, Statistics Canada, 2016

sistemiko at background factors na umaapekto sa mga Indigenous na tao, at sa kanilang lubhang naiibang mga kultural na minamahalaga, at sa mga pananaw sa mundo.”<sup>3</sup>

Tulad ng dagdag na ipinahayag ng Korte Suprema ng Canada:

*“Hindi maaaring ikaila na ang mga Indigenous na tao — at lalo na ang mga Indigenous na kababaihan, mga batang babae, at sex workers — ay nagtiis sa mga malulubhang kawalang-katarungan, kabilang na ang mataas na rate ng sekswal na karahasan laban sa mga kababaihan. ... Ang [ating] sistema ng hustisya sa krimen at ang lahat ng mga kalahok dito ay dapat kumuha ng mga makatwirang hakbang para diretsong tugunan ang mga sistemikong bias, mga prehuwisyo, at mga stereotype laban sa mga Indigenous na tao — at lalo na sa mga Indigenous na kababaihan at sex workers.”<sup>4</sup>*

Dapat kilalanin ng Crown Counsel na may malakas na interes ng publiko para sa pag-uusig sa mga kasong may kinalaman sa mga Indigenous na kababaihan o mga batang babae bilang mga biktima.

---

3 *Ewert v Canada*, 2018 SCC 30 at paras 57-58; *R v Barton*, 2019 SCC 33 at paras 198-200, also [BC First Nations Justice Strategy](#), February 2020

4 *R v Barton*, 2019 SCC 33 at paras 198 - 200